

**Mga karagdagang paunawa tungkol sa paggamit ng bakunang CoronaVac para sa mga batang may edad na 6 buwan hanggang sa masababa sa 3 taong gulang\***

Simula ika-4 ng Agosto 2022, maaari nang tumanggap ang mga batang may edad na 6 buwan hanggang sa mas mababa sa 3 taong gulang ng bakunang CoronaVac (Sinovac).

Dahil sa pandaigdigang pandemya ng impeksyon sa COVID-19, mahalaga ang pagbabakuna upang maprotektahan ang mga bata laban sa sakit na COVID-19 upang epektibong mabawasan ang mga bilang ng karamdaman at pagkamatay.

Ang Siyentipikong Komite sa mga Sakit na Maiiwasan sa pamamagitan ng Bakuna at ang Siyentipikong Komite sa mga Sakit na Umuusbong at Galing sa Hayop (JSC) sa ilalim ng Sentro para sa Proteksyon ng Kalusugan (CHP) ng Kagawaran ng Kalusugan, kasama ng lupon ng mga dalubhasang tagapayo ng Punong Ehekutibo (EAP) ay nagsabing ang datos ng maagang klinikal na pagsubok mula sa dalawang dosis ng bakunang CoronaVac (Sinovac) sa mga batang anim na buwang gulang ay nagpakitang ang bakuna ay lumilikha ng pagtugon ng imunidad at walang mga bagong alalahanin sa kaligtasan. Ayon mga dalubhasa, ang kaayusan ng pagbabakuna para sa mga batang anim na buwan hanggang sa mas mababa sa 3 taon ay ang sumusunod to:

Bilang ng mga dosis: maaaring gumamit ng tatlong dosis<sup>#</sup>

Dami ng dosis: ang dami ng dosis ng bawat pagbabakuna ay kapareho ng mga batang mas mataas ang gulang at mga nakatatanda

Agwat: Ang agwat sa pagitan ng unang dalawang dosis ay dapat na hindi kukulang sa 28 araw ang pagitan at ang ikatlong dosis ay ibibigay nang hindi kukulang sa 90 araw matapos ang ikalawang dosis.

Para sa mga batang napinsala ang imunidad, ang agwat sa pagitan ng unang dalawang dosis ay hindi kukulang sa 28 araw, at ang ikatlong dosis ay ibibigay nang 28 araw matapos ang ikalawang dosis.

Aayusin ng mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ang pagbabakuna sa braso o hita para sa mga bata katulad ng nararapat.

\*Ang paggamit ng Bakunang CoronaVac (Sinovac) sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang sa mas mababa sa 3 taong gulang ay hindi nakatala sa inapubahang package insert ng CoronaVac pinahintulutan sa ilalim ng Regulasyon sa Pag-iwas at Pagkontrol ng Sakit (Paggamit ng mga Bakuna) (Cap. 599K). Ito ay isang paggamit na wala sa etiketa na pinapayagan sa programa ng Pamahalaan sa ilalim ng Regulasyon sa Pag-iwas at Pagkontrol ng Sakit (Paggamit ng mga Bakuna) (Cap.599K) , bilang pagsunod sa payo mula sa (mga) lupon / komite ng mga dalubhasang itinalaga ng Pamahalaan matapos repasuhin ang kasalukuyan at inaasahang sitwasyon ng pandemya, gayon din ang kaugnay na makukuhang datos sa bisa at kaligtasan. Ang taong nagrereseta, namimigay o responsable sa pagbibigay ng bakuna sa mga batang tatanggap ng bakuna ay kumikilos alinsunod sa panuto ng Pamahalaan sa programa ng Pamahalaan.

<sup>#</sup>Para sa mga batang may naunang impeksyon sa COVID-19, mangyaring sumangguni sa “Factsheet sa Pagbabakuna sa COVID-19 Para sa mga Taong may Naunang Impeksyon sa COVID-19”.

Ang isinalin na bersyon ay para sa pagsangguni lamang. Petsa ng bersyon: ika-4 ng Agosto 2022

(Tagalog version)

Kung magkakaroon ng hindi pagkakatugma sa pagitan ng isinalin na bersyon at ng Ingles na bersyon, ang Ingles na bersyon ang susundin.

Para sa iba pang impormasyon, bumisita sa [www.covidvaccine.gov.hk](http://www.covidvaccine.gov.hk)

Translated version is for reference only. Version date: 4 August 2022

In case of discrepancies between translated version and English version, English version shall prevail.

For more information, please visit [www.covidvaccine.gov.hk](http://www.covidvaccine.gov.hk)

